

THE NAVIGATOR

TAKE 10

Pagpoposisyon

- 1 Kamalayan at pagiging alisto**

Ang mga propesyonal na nabigante ay kailangan ng patuloy na kamalayan sa mga situwasyon o pangyayari para matiyak ang kaligtasan ng mga buhay, ng sasakyang pandagat, ang karga nito, ang kapaligiran at matiyak ang pagiging mabisa sa pangangalakal.
- 2 Kaligtasan ayon sa mga numero**

Huwag kailanman umasa sa iisang pamamaraan ng pagtatalaga ng posisyon ng barko.
- 3 Tingnan, tingnan at tingnan muli**

Ang mabuting kamalayan sa mga pangyayari ay nangangailangan ng patuloy na pagsusuri sa mga pampatulong na sistema ng pagpoposisyon at matalinong paggamit ng sentido kumon.
- 4 Pagpapasya sa panganib na masiksik o mapalya**

Kahit na ang koordinadong paggamit ng maraming mga GNSS, tulad ng GPS at GLONASS, ay nagpapahusay sa pagkamaasahan, ang lahat ng mga GNSS ay may pare-parehong kahinaan at samakatuwid ay patas na madaling tablan ng sadya o hindi sadyang pagkakasiksik o pagpapalya.
- 5 Maraming mapagpipilian**

Maraming mga paraan ng magagamit na pagpoposisyon ang nabigante, ang ilan ay batay sa mga tradisyonal na pamamaraan at ang iba ay batay sa modernong teknolohiya. Ang bawat isa ay ma lakas at kahinaan at walang iisang sistema ang napatunayan na sapat ang husay para magamit kahit mag-isa lang itong gamitin.
- 6 Ang Elemento ng Tao**

Kahit na ang lahat ng mga pamamaraan sa pagpoposisyon na ito ay maaaring pampadagdag na tulong, hindi ito parating awtomatikong maisasama sa ginagamit. Kailangan ng propesyonal na marino na maging ang taong makakasama sa mga sistemang ito at kailangan sa kakayahang ito ang pagsasanay at pag-eensayo.
- 7 Paghahanda sa kabiguan**

Ang kawalan ng GPS ay isang tunay na panganib, at dapat na kilalanin ito bilang gayon, na may malilina na pamamaraan para makilala ang kabiguan, mga plano anuman ang mangyari at mga pagsasanay sa pakikitungo sa kawalan.
- 8 Iwasan ang sobrang pag-asa**

Ang sobrang pag-asa sa GPS, lalo na kapag kasama sa ECDIS, ay maaaring maghantong sa pagiging kampante at hindi wastong pagdedesisyon. Ang paggamit ng GPS kasama ng ECDIS ay nagpabago ng lubusan sa nabigasyon at lahat ng mga kompanya ng naglalayag at ang mga tauhan nito ay dapat na tasahin kung paano ito nakaka-apekto sa mga pamamalakad sa nabigasyon.
- 9 Pagpoposisyon ng poste**

Ang pagsasanay sa paggamit ng mga electronic positioning system ay hindi lang dapat tumugon sa paraan kung paano gamitin ang mga knob at button ('knobology'), ngunit ang pinakamahalaga sa lahat, kung paano magagamit ang teknolohiya para masuportahan ang mabubuting desisyon sa ganap na kamalayan sa mga likas na kahinaan.
- 10 Ibahagi ang inyong kaalaman!**

Susi ang paggagabay at pagturo. Ang mga may karanasang marino ay dapat maglaan ng panahon para tulungan ang mga kasamahang marino na maging dalubhasa sa mga pamamaraan sa pagpoposisyon. Maaring ito ay mga Master sa paggagabay at pagturo sa paggamit ng sextant, o mga junior sa pagtulong ng mas nakatatandang henerasyon na maunawaan ang paggamit ng teknolohiya.



Read all issues of *The Navigator* for free
www.nautinst.org/thenavigator



in association with



STEAMSHIP MUTUAL